CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

May 31, 2020
Contact: City of Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Madaliang Paglabas

Pagproklama ng City of Long Beach ng Lokal na Emerhensiya at Pang-Lungsod na Utos ng Curfew Ngayon Gabi.

Long Beach, CA - Ngayong araw, prinoklama ang lokal na emerhensiya sa buong lungsod at curfew para sa buong lungsod simula 8 p.m.

“Ang America kasama na ang ating pagkakaiba-iba ay mayroong madilim at mahabang kasaysayan tungkol sa lahi (race) - at hindi nakalagpas ang Long Beach. Nitong huling mga nakaraang araw at pagkatapos ng tatlong buwan ng paglaban sa COVID-19, tayo, ang ating nasyon ay ating nakikita ang mga pagkabagabag at pagprotesta ng mga tao. Naririnig namin kayo at kami ay nakikinig,” ani Mayor Robert Garcia. “Sa susunod na mga ilang araw inaasahan na makakita pa tayo ng mga aksyon at demonstrasyon sa Long Beach at para sa mga pumipiling sumali, mahalaga na inyong gamitin ang inyong karapatan sa pangunahing susog ng ligtas at walang pananakit ng buhay o ari-arian. Alagaan natin ang isa’t isa at ang ating komunidad. Pinagmamalaki ng Long Beach ang ating pagkakaiba-ba at ang ating pagsulong patungong hustisya. Maaari pa tayong gumawa ng mas mabuti - at gagawin natin.”

Epektibo kaagad, ang curfew ay iniutos mula 8 p.m. hanggang 5 a.m. sa loob ng City of Long Beach. Walang taong maaaring bumiyahe o pumunta sa mga kalye, abenida, eskinita, park, daanan o iba pang lugar na pampubliko sa City of Long Beach sa habang may curfew, maliban na lamang kung ito ay awtorisado. Para sa mga kadahilanan ng regulasyon ng curfew, kasama sa “biyahe” pero hindi limitado, ang paglalakad, bisikleta, skateboard, scooter, motorsiklo, o kotse o iba pang paraan ng pagpunta sa isang lugar.

Mga alagad ng batas, mga bumbero, mga tagabigay ng emerhensyang pangangalaga, mga tauhang medikal, mga taong kasapi ng pulis o mga trabahong pang emerhensiya, mga taong nangangailangan ng pangangalagang emerhensiya, mga taong bumabiyahe para makarating sa kanilang trabaho at mga kinatawan ng media ay pinapayagan.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Ang City Manager Tom Modica, bilang Director of Civil Defense of the City of Long Beach, ay nagproklama ngayon sa Long Beach at nagutos ng curfew ayon sa kapangyarihan na nakalista sa Kodigo ng Munisipyo (Municipal Code).

Noong Mayo 30, 2020, dahil sa mga patuloy na mga nangyayaring mga pagkabagabag ng mga tao at sa mga limitadong lokal na resources, nagproklama si Governor Gavin Newsom ng State of Emergency sa buong County ng Los Angeles at dinirekta ang mga residente na sundin ang payo ng mga opisyal ng ng emerhensiyang lokal. Ang Long Beach Municipal Code 2.69 ay nagbigigay kapangyarihan sa Direktor ng Civil Defense (City Manager) para sa pagproklama, napapailalim sa ratipikasyon ng City Council sa loob ng pitong araw, ang pagkaroon o ang banta ng pagkakaroon ng isang emerhensiyang lokal kung ang City ay apektado o malamang magiging apektado ng isang sakuna o isang malaking emerhensiya at ang Council ay wala sa sesyon.

Mananatili ang curfew hanggang 5 a.m. Hunyo 1, 2020, maliban na lang kung kinakailagang patagalin.

###